



**Huling Araw para sa mga Sagot Sa Paunawa:** Marso 2, 2018

**Takdang Petsa ng Pag-file ng Form 571-L:** Abril 2, 2018

**Huling Araw ng Pag-file nang Walang Multa:**  
Mayo 7, 2018

**Account #:** \_\_\_\_\_

**Online PIN #:** \_\_\_\_\_

## PAUNAWA NG PAGKALIBRE NG MABABANG HALAGA (LOW VALUE EXEMPTION NOTICE)

Pebrero 12, 2018

Mahal na May-ari ng Negosyo:

Ang paunawang ito ay ipinapaalam sa inyo ang mga obligasyon sa pag-file ng pag-aari ng inyong negosyo para sa 2018. Ang batas ng estado ay nag-aatas sa mga may-ari ng negosyo na mag-file ng Form 571-L Pahayag ng Pag-aari sa Negosyo (Business Property Statement) taun-taon sa Tagatasa ng County (County Assessor) para sa bawat negosyo na matatagpuan sa loob ng County (R & T Code, Sec. 441(a)). Maaaring hindi kayo nag-file ng Form 571-L sa mga nakaraang taon sa dahilang ang halaga ng personal na pag-aari ng inyong negosyo ay hindi lumampas sa \$4,000 (libre ayon sa Ordinansa ng San Francisco 308-97), gayunman maaari kayong atasan na mag-file ng Form 571-L ngayong taon kung ang impormasyon sa negosyo ay nagbago. Mangyari lamang na basahin ang buong Paunawa upang malaman ang mga pangangailangan sa inyong pag-file.

### Mga Pagbabago sa Impormasyon ng Negosyo

- Kung ang pangalan ng negosyo, lugar, mailing address, at ang pangalan ng may-ari na nakalista sa itaas ay nagbago, o
- Kung ang negosyo ay nagsara o nahinto na ang pagnenegosyo. bago ng Enero 1, 2018.

Kaya, bago o sa Marso 2, 2018, mangyari lamang na kumpletuhin at ipadala ang Pahina 2 ng Paunawang ito na ipinapakita ang pagbabago at aming isasapanahon ang rekord ng impormasyon sa negosyo. Mangyari lamang na magtago ng kopya ng dokumentong ito para sa inyong mga rekord.

### Mga Pagbabago sa Halaga ng Personal na Pag-aari sa Negosyo

Ayon sa aming mga rekord, ang halaga ng personal na pag-aari ng inyong negosyo ay hindi lumalampas sa \$4,000. Sa ilalim ng Ordinansa 308-97 ng Lungsod ng San Francisco, ang personal na pag-aari na nasa unsecured roll na may kabuuang halaga na apat na libong dolyar (\$4,000) o mas mababa ay libre mula sa pagbubuwis ng pag-aari.

- **Kung ang halaga ng lahat na personal na pag-aari ng negosyo ay hindi pa lumalampas sa \$4,000 simula ng Enero 1, 2018**, kung kaya walang kinakailangang aksiyon. Hindi kayo tatanggap ng isang Unsecured Property Tax Bill para sa Taong Panuusan (Fiscal Year) (Hulyo 1, 2018 hanggang Hunyo 30, 2019).
- **Kung ang halaga ng lahat ng personal na pag-aari ng negosyo ngayon ay lumalampas ng \$4,000 simula ng Enero 1, 2018**, kaya't kayo ay inatasan ng batas na mag-file ng Form 571-L bago o sa **Abril 2, 2018**. Ito ay tumutukoy sa kabuuang halaga ng lahat ng pag-aari na mayroon, tinataglay o kontrolado ng negosyo. Mangyari lamang na basahin ang mga tagubilin sa ibaba para sa higit pang impormasyon sa prosesong ito. Ang huling araw para sa e-File na hindi magkakaroon ng parusa ay sa Mayo 7, 2018; ang multa para sa pag-file pagkatapos ng Mayo 7, 2018 ay 10% ng kabuuan ng natasang halaga.

Mangyaring tandaan na hindi na kami nagpapadala ng mga kopya sa papel ng Form 571-L at mga kalakip. Sa halip, hinihikayat namin kayo na mag-file ng Form 571-L gamit ang aming online portal. Doon, maaaring gumamit ng e-file para sa Form 571-L o maaaring i-download ang form para kumpletuhin at ipadala.

### Mga Tagubilin para sa Pagkumpleto ng inyong Form 571-L

Ang aming tanggapan ay magsisimulang tumanggap ng mga e-Filed statement sa pamamagitan ng aming online portal sa **Pebrero 20, 2018**. Para simulan ang prosesong ito, bumisita sa [www.sfassessor.org/efile](http://www.sfassessor.org/efile) at mag-log-in gamit ang Account Number at PIN na nasa itaas ng paunawang ito. Ang Account Number at PIN na para sa inyong negosyo ay walang kapareho, nagbibigay ng ligtas na pag-access sa inyong pahayag (statement), nagbibigay ng proteksiyon sa inyong kompidensiyal na impormasyon at sa inyong pagka-pribado.

Kapag naka-log in na kayo, maaari na kayong gumamit ng e-File o maaari na ninyong i-download, i-print, kumpletuhin, at ipadala ang Form 571-L.

- (1) **Deretsong E-File sa Online:** Ang E-File ay isang libreng aplikasyon sa online na nagpapahintulot sa mga may-ari ng negosyo na mag-file ng Form 571-L nang mabilis at ligtas. Walang kailangan na bagong software para magamit ang e-File, at ang matatanggap kaagad ang online confirmation matapos isumite ang pahayag (statement). Bilang dagdag, matapos makapag-e-File, makikita sa online ang mga nauunang taon ng mga e-Filed statement. Bumisita sa [www.sfassessor.org/efile](http://www.sfassessor.org/efile) at mag-log in para simulan ang proseso.
- (2) **I-download, I-print, Kumpletuhin, Lagdaan at Ipadala:** Ang mga may-ari ng negosyo ay maaari ring magsumite ng Form 571-L sa pamamagitan ng pag-download at pag-print ng inyong pahayag (statement) mula sa [www.sfassessor.org/efile](http://www.sfassessor.org/efile). Sa pamamagitan ng paggamit ng Account Number at PIN ng inyong negosyo (ibinigay sa pahina 1 ng Paunawang ito), ang Form 571-L ay mapi-print na may barcode na **kinakailangan** para sa lahat ng mga pahayag (statement) na natanggap sa koreo. Kung wala kayong access sa internet, maaari kayong gumamit ng pampublikong computer na matatagpuan sa 1155 Market Street, 5<sup>th</sup> Floor, sa City Hall Room 190, o sa lokal na sangay ng pampublikong aklatan. Mangyari lamang na huwag ninyong kalimutang dalhin ang Paunawang ito. Ang nakumpleto at nilagdaang Form 571-L ay dapat ipadala sa: San Francisco Assessor-Recorder, 1155 Market Street, 5<sup>th</sup> Floor, San Francisco, CA 94103.

**MAHALAGA: Hindi namin tatanggapin ang mga pahayag (statement) na nasa papel na hindi kasama ang aming system generated barcode.** Kung kayo ay magsusumite ng Form 571-L sa koreo, o kung isang kinatawan ang naghanda at/o nag-file ng Form 571-L, sa inyong ngalan, dapat ninyong ilakip ang Form 571-L kasama ang barcode na may kaugnayan sa inyong Account Number at PIN. Ang barcode ay kinakailangan upang maiwasan ang mga duplikadong pagtatasa at iba pang hindi sinasadyang mga pagkakamali.

Para sa higit na impormasyon, mangyari lamang na pumunta sa [www.sfassessor.org/manual571L-R-STR](http://www.sfassessor.org/manual571L-R-STR) para i-access ang aming online reference guide, na nagbibigay ng pangkalahatang-ideya sa mga pangangailangan ng batas para sa pag-file, mga sagot sa Mga Madalas na mga Tanong [Frequently Asked Questions (FAQs)], atbp.

Sumasainyo,



Carmen Chu  
Assessor-Recorder

\*\*If you would like to receive future notices from our office in a language other than English, please submit an online request using the link below

Request Online / Solicitación por internet/ 網上申請 : [sfassessor.org/biz-language-preference](http://sfassessor.org/biz-language-preference)

**MGA PAGBABAGO NG IMPORMASYON SA NEGOSYO:** Kung ang impormasyon sa inyong negosyo ay nagbago simula ng Enero 1, 2018, mangyari lamang na lagyan ng tsek ang angkop na kahon at ibigay ang bagong impormasyon. Lagdaan at ibalik ang Paunawang ito bago o sa **Marso 2, 2018** sa: San Francisco Assessor-Recorder, 1155 Market Street, 5<sup>th</sup> Floor, San Francisco, CA 94103.

*This form must be completed in English (Kinakailangang kumpletuhin sa "English" ang form na ito)*

- |   |  |
|---|--|
| <input type="checkbox"/> Nagsara ang negosyo/Nahinto ang pagnenegosyo<br>(Business Closed/Went out of business) | Petsa ng pagsara (Date closed): _____  |
| <input type="checkbox"/> Bagong Lugar ng Negosyo:<br>(New Business Location) _____                              | Petsa ng paglipat (Date moved): _____  |
| <input type="checkbox"/> Bagong Pangalan ng May-ari:<br>(New Owner's Name) _____                                | Petsa ng pagbago (Date changed): _____ |
| <input type="checkbox"/> Bagong Mailing Address:<br>(New Mailing Address) _____                                 |  |
| <input type="checkbox"/> Bagong Pangalan ng Negosyo:<br>(New Business Name) _____                               |  |

Pangalan ng May-ari:

Account #:

Lagda ng Tinatasahan (Signature)

Petsa (Date)

Pangalan ng Tinatasahan (Name)

Titulo (Title)

Business Account Number (BAN)

Numero ng Telepono (Tel):

E-mail address

*\*\*In the event of any inconsistency between English version and the translated version, the English version shall prevail, to the extent of such inconsistency or conflict./ Sa kaganapan ng anumang pagkakasalungatan sa pagitan ng Ingles na bersyon at ang mga isinalin na bersyon, ang Ingles na bersyon ay mangingibabaw, sa lawak ng naturang hindi pagkakatugma o salungatan.*